INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# PAGLINGAP SA WIKANG KINAGISNAN

**ni: VILMA A. FORTUNO**

Mula nang magkaisip ika'y nasilayan
Sa lahat ng oras palaging nasa balimtataw,
Naging kaakibat sa aking pamumuhay
At naging Karamay sa madilim na karimlan.

Ikaw ang nagbigay kulay sa aking buhay
Hinubog mong mabuti ang sangkatauhan,
Binuo mo ang isip at ang kamalayan
Ako'y naging bihasa dahil sa iyo wikang kinagisnan.

Hindi ko malirip bakit ka kinalimutan?
Ng ibang nilalang sa Pilipinas na mahal,
Niyurakan ka at muntik nang makalimutan
Dahil sa paglingap ng ibang kabihasnan.

Ako'y nagulumihanan bakit ka iwinaksi
Samantalang hinubog mo ang aming sarili,
Naging mapagmahal ka at mapagkandili
Nang dahil sa iyo nagtagumpay kami.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Nang dahil dito, kami'y natauhan

Ipinagmalaki ka na at pinahalagahan,

Nabago mo kasi ang hubog ng sangkatauhan

Dahil ika'y salamin ng kulturang kinagisnan.

Labis na nagsisi ang kapilipinuhan

Na iwinaksi ka at kinalimutan

Kaya't ngayo'y palagi nang ginagamit sa pakikipagtalastasan

At ipinagmamalaki ng buong sambayanan.

Naging bukambibig ka na ng karamihan

Ipinangalandakan sa buong kabihasnan,

Ginagamit sa araw-araw na pakikipagtalastasan

Napagtanto namin ika'y wikang kinagisnan.

Wikang Filipino ika'y salamin

Ng mayamang kultura sa nilingap namin,

Ika'y pinahahalagahan at minamahal namin

Mananatili kang buhay magpakailan man.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza